# Si Nephi ay MASUNURIN

Maraming ginawa si Nephi na mahirap at nakakatakot. Kinailangan niyang iwan ang kanyang tahanan, kunin ang mga laminang tanso mula sa isang masamang tao, at tulungan ang kanyang pamilya na manatiling ligtas sa ilang. Ngunit nagtiwala siya sa Diyos at nagkaroon ng lakas-ng-loob na sumunod. Paano mo matutularan ang halimbawa ni Nephi sa buwang ito?



Sinimulan naming basahin ni Inay ang Aklat ni Mormon. Nang magbasa kami tungkol kay Nephi, natanto ko na sumunod palagi si Nephi, at pinagpala siya dahil doon. Pakiramdam ko ito ang tamang gawin, at gusto kong maging katulad ni Nephi. Kaya ngayon kapag sinasabi ni Inay na, "Ilabas mo ang basura," sinasabi ko, "OK po, Inay!"

**Heidi M., edad 10, Yeongnam, South Korea**



***Ellie B., edad 8, Utah, USA***

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Gupitin, itupi at itabi ang challenge card na ito!




## Maaari Akong Maging Masunurin!

- ☐ Isaulo ang 1 Nephi 3:7.
- ☐ Kapag may ipinagagawa sa iyo ang mga magulang mo, maging masunuring tulad ni Nephi!
- ☐ Panoorin ang mga kabanata 2–9 ng mga video ng Aklat ni Mormon sa scripturestories.lds.org.
- ☐ Hinahamon ko ang sarili ko na . . .

______________________________